

Inday Sara-Ate Imee 'UniTeam sa 2028,' posible P2

Bossing, asan ang resibo?



Here n There

BANTAY
NEWS PUBLISHING SERVICES
BALITA

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

ISSN No. 2984-8563

domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com

VOLUME 2 NO. 8 10.00 NOVEMBER 20 - 26, 2023

Sen. Imee, tunay na Duterte Loyalist!



REVANZE

Pekeng Pinoy dumarami

MAARING may kinalaman ang ilang maiimpluwensiyang taong gobyerno, kasama ang civil registrar kaya nakakukuha ng mga dokumento, identification cards, at passport ang mga dayuhang hindi naman totoong Pilipino.

Mga pekeng Pinoy sila na napapasok sa mga ahensiya ng gobyerno, mga pribadong kompanya at ito, ayon sa National Security Council (NSC) ay malaking panganib sa sekuridad ng bansa.

Sinabi ni NSC spokesperson Jonathan Malaya na batay sa kanilang imbestigasyon, may mga civil registrar na tumatanggap ng malaking halaga ng suhol kapalit ng pagbibigay ng mga dokumentong tulad ng birth certificate na nagagamit ng mga dayuhan sa pagkuha ng Philippine passport.

Sabi ni Malaya, nag-iisyu ng irekord na pekeng birth certificate PSA (Philippine Statistics Authority) ang mga korap na taong gobyerno.

"When they already have a record, the foreigners may now request a PSA-certified copy of a birth certificate," sabi ni Malaya.

Ginagamit ng mga dayuhang ito ang PSA-certified copy upang makakuha ng mga dokumentong tulad ng National ID,

Sundan sa pahina 3



Sen. Bato dela Rosa on the plot to oust PBBM

I don't know kung saan galing 'yung source na 'yan. Pero ako, I'm a retired general. Mahirap nga mag-launch ng destabilization kung nasa active ka pa, how much more kung retired ka na? Anong capability mo?

Kung retired ka na, all you have is words of wisdom...Kung kailan ka tumanda, saka ka maghahanap ng gulo?...You retire peacefully. Gano'n ang isip ng lahat ng retirees.

Proyektong 'Tahanang Handog...' sa Bacoor

MAY bagong proyekto ang pamahalaang lungsod ng Bacoor para sa mga residente na nais magkaroon ng sariling bahay.

Ito ang masayang ibinalita kamakailan ni Mayor Strike Revilla a sa kanyang Facebook page para sa mga residenteng nais maging benepisyaryo ng proyektong 'Tahanang Handog para sa Pamilyang Bacooreno' na malapit nang simulan.

Sinabi ng alkalde na ang proyekto ay bahagi ng Pambansang Pabahay para sa Pilipino Housing Program or 4PH ng Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD).

"Ang proyektong ito ay para matugunan ang mga

pangangailangan sa pabahay ng mga residente ng Bacoor lalo na po ang mga kababayan nating informal settlers," sabi ni Mayor Revilla.

Sa mga lehitimong residente ng Bacoor, hinikayat ng alkalde na bumisita sa opisina Bacoor Housing Urban Development and Resettlement Department sa Bacoor Government Center.

Sa mga interesado, dahil ang mga dokumento, at ID card na magpatunay na residente nga sila ng Bacoor, at isumite rin ang mga dokumentong patunay na miyembro sila ng PAGIBIG Fund.

Ang 4PH ay isa sa programa ni DHSUD Sec.



Mayor Strike Revilla

Jerry Acuzar na makapagtayo ng isang milyong pabahay bawat taon para sa mamamayang Pilipino na wala pang sariling bahay. /ELITAPARAN

Bagong pasilidad ng Bauertek Corp., sinimulan nang itayo sa CLSU Sundan sa P.4

DOST holds 2023 NSTW in Iloilo City

IT'S the first time that the yearly National Science Technology and Innovation Week (NSTW) of the Dept. of Science and Technology (DOST) was held in Iloilo City from Nov. 22-26.

The event's host Richard P. Burgos, director of the Science and Technology Information Institute (STII) said that the Science and Technology and Innovation (STI) have been the strong forces behind the country's progress. See page 2



Nanalong kapitan ng barangay, binaril patay

DASMARINAS City-- Hindi nakaligtas sa tama ng mga bala sa bato at gulugod si Barangay Luzviminda 1 Benjamin Marcha Jr. na tinambangan ng mga di pa nakikilalang salarin noong Sabado, Nobyembre 11.

Ayon sa pulisya, nakasakay si Marcha at asawang si Loida sa patrol car nang barilin ng di pa nakikilalang (mga) suspek.

Namatay si Kapitan Marcha noong Martes, Sundan sa P.2

Lady Jacinta handa na!



SA TOTOO LANG!

Pugante nasakote

BUNGA ng masigasig na pagtugis, nadakip ng mga pulis sa warrant section ng Tanza police si alias "Edu" na suspek sa kasong panghahalay noong Martes, Nobyembre 22.

Sa ulat ng public information office (PIO) ng Cavite Province Police office sa Camp Garcia, Imus City, nabatid na matagal na pinaghahanap ang suspek na sinampahan ng kaso (Criminal case No. NC-947-23) sa Regional Trial Court Br. 15 sa Naic, Cavite.

Pinuri ni Tanza municipal police chief, Major Dennis Villanueva ang kanyang mga tauhan sa pagdakip sa suspek sa bisa ng warrant of arrest na iniisyu ng korte.

Ayon kay police Capt. Mchelle Bastawang, nakapiit ngayon ang suspek sa selda ng Tanza police station at makalalaya lamang kung makapagpipiyansa ng P200,000.

Sa pagkadakip kay alias Edu, iniutos ni CPPO director Colonel Eleuterio Mercado Ricardo Jr. na ang pulisya ay patuloy sa pagtugis at pagdakip sa mga taong inisyuhan ng arresdt warrant ng mga hukuman.

Bukod sa pagdakip sa mga wanted sa batas, tiniyak ng CPPO na mas patitindihin pa ang paglaban sa mga sindikato ng krimen at mapanatili an katahimikan at kaayusan sa buong lalawigan ng Cavite. / JANETH V. BILBAO

Estafa case vs 'abogada de campanilla'

NAGING abogada nyo ba si alias 'Atty. Mendoza' sa Bacoor City, Cavite?

Nabudol kayo, sabi ng National Bureau of Investigation (NBI) kasi peke, bogus ang abogadang ito.

Nitong nakaraang araw dinakip siya ng mga ahente ang nagpapakilalang abogada de campanilla na si Ma. Erika Jouielun Catrabas, alias 'Atty. Mendoza.'

Kinasuhan na ang suspek, sabi ng NBI, ng mga kasong estafa sa paglabag sa Article 315 (2)(a) of the Revised Penal Code (RPC) and Unauthorized Practice of Law.

Sabi pa, nakukubra ng P19-milyong attorney's fees si Catarbas ng P19 milyon mula Marso 2023 hanggang Oktubre 2023 sa isa nitong kliyente.

Nang makaramdam na sumosobra na ang paniningil ng legal fees, sa paghingi pa ng dagdag na P5-milyon, nagsumbong na ang di-pinangalanang kliyente.

Sinampahan na ng mga kaso si 'Atty. Mendoza' sa Office of the City Prosecutor sa Bacoor.

Nananawagan ang NBI at piskalya ng Bacoor sa mga naging kliyente ni Catrabas na magsampa ng reklamo sa nagpakilalang 'abogada de campanilla.' /ADELA ZAMORA

Inday Sara-Ate Imee 'UniTeam sa 2028,' posible

PWEDE, posible na mabuo ang kinasasabikang tandem sa 2028 nina Vice President Sara 'Inday Sara' Duterte at Senador Imee 'Ate Imee' Marcos!

Ito ang reaksiyon ni Ate Imee sa trending news item na mabango sa taumbayan kung tatakpong presidente si VP Inday Sara na katiket ang senadora bilang bise presidente.

Nasa Cavite noong Linggo, Nob. 19 si Marcos na namigay ng ayuda sa mga benepisyaryo ng AICS (assistance to individuals in crisis situation) sa bayan ng Silang, mga lungsod ng Bacoor, Imus at Dasmariñas.

Nakangiti, natawa, si Ate Imee nang banggitin na magandang 'Uni-Team' ang Inday Sara-Ate Imee sa presidential elections sa

2028.

"Masyadong maaga para pag-usapan yan, mas mabuti ay magtrabaho muna tayo," sabi ni Ate Imee sa panayam ng pahayagang ito sa Imus City Sport Complex na doon, namigay siya ng ayudang P5,000 sa mga estudyante ng Cavite State University (CavSU) Campus.

Namigay rin siya ng mga regalo sa mga bata, seniors, mga miyembro ng TODA, iba pang samahan.

Sa Imus City, nagkaroon ng boodle fight na bigay nina Mayor Alex 'AA' Advincula at Cong. AJ Advincula bilang selebrasyon sa nakaraang kaarawan ni Sen. Marcos noong Nob. 12

Pero idinugtong ng senadora na posible at

'bukas ang pinto' depende sa mga mangyayaring politikal sa bansa sa mga susunod na taon.

Nauna rito, namigay ng ayudang AICS sa mga estudyante ng CavSU sa Silang, Bacoor at Dasmariñas.

Inulit ni Marcos ang naunang pahayag na titindig siya, susuportahan niya si dating Pres. Duterte, lalo na si Inday Sara na nabalitang hahainan ng impeachment ng ilang kongresistang kaalyado ng pinsang si ni Speaker Martin Romualdez.

Sinabi pa ng senadora na kahit siya na lamang ang maiwang nag-iisa, titindig siya, susuporta sa mag-amang Duterte, kasunod ng maramihang pagtalikod mga kasapi ng PDP-Laban na sumapi sa



Lakas-CMD ni Speaker Romualdez.

Laging nasa magic 12 sa lahat ng survey si Ate Imee sa mga mananalong senador sa midterm election sa 2025.

Samantala, sa panayam kay VP Inday Sara, sinabi nito na buong-buo pa ang "unity tandem" nila ni Pres. Bongbong Marcos.

"We're okay," sabi ng bise presidente tungkol sa kumakalat na intrigang may lamat na ang

kanilang pagkakaibigan ng presidente.

Ani VP. naniniwala siya, buong-buo pa rin ang tiwala sa kanya ni PBBM, na interbyu noong Lunes, Nob. 20, sinabi na walang dahilan upang sampahan ng kasong impeachment si Inday Sara.

Umugong ang intrigang impeachment sa desisyon ng kongresistang kakampi ni Romualdez na burahin ang P650-milyong confidential-intelligence

fund (CIF) ng Office of the Vice President (OVP) at ng Department of Education (DepEd).

Sa huling pagdingin sa Senado, sinabi ni Inday Sara na nanunungkulan DepEd secretary na wala siyang interes na hingiin pa na bigyan siya ng CIF sa 2004 budget. / **ADELA ZAMORA**

NOTE: Para sa iba pang detalye ng Birthday celebration ni Sen. Imee, see **REVANZE** column, backpage --**Editor**

DOST holds 2023... from page 1

DOST Secretary Dr. Renato Solidum said that the holding of the NSTW in the region "is a clear manifestation of manifestation of our commitment to bring science closer to the people as one DOST for you."

He added that from now on, NSTW will be held in different cities every "so that science will be closer to the people and to the community."

In the event, interactive exhibits were presented, technical sessions, lectures and workshops on diverse science and technology topics were conducted.

The message of Senator Loren Legarda, who was the keynote speaker was read by Dr. Leah Buendia, undersecretary for



research and development.

The senator said that in the fast changing role, it is crucial that "we recognize the important role of science, technology and innovation in steering our path toward sustainable and equitable future.

Iloilo City Mayor Jerry Trenas said that this year's celebration is a timely celebration for Iloilo as we

strive to be a premier innovation hub in the country."

Meanwhile, DOST VI Regional Director Rowena Gelonga said that the different research and technology outputs that were showcased in the celebration can be adapted by various sectors of society, from MSMEs, local government units and private individuals. / **PAPI, Nelson Santos**



Cheers! DOST officials with esteem participants posed for a souvenir shot after the successful holding of NSTW in Iloilo City.

Nanalong kapitan ng barangay, binaril patay

Nob. 21, matapos maoperahan sa Pagamutan ng Lungsod ng Dasmariñas habang nakaligtas sa pamamaril ang maybahay nitong si Loida.

Nanalo sa ikalawang termino si Marcha sa nakaraang Barangay Sangguniang Kabataan elections noong Oktubre 30.

Kinondena ni ABC president, Roderick Olaes ang patakil na pagpatay kay Marcha at pagkasugat sa kanyang maybahay, habang ang Sangguniang Bayan sa pamumuno ni acting Mayor Rex Mangubat ay nagpahatid ng pakikiramay sa pamilya ng biktima ng karahasan.

Gayundin, nagpahatid ng mensahe ng pakikidalamhati sina Rep. Pidi Barzaga at ang maybahay nito, si Mayor Jenny A. Barzaga, provincial Board Member Kiko



Kaliwa, si Kap. Marcha, kasama si Kap. Jhon Jhon Hernandez ng Brgy St. Peter.

Barzaga, BM Nickol Austria at BM Jun dela Cuesta.

Inilabas na ng pulisya ang larawan ng suspek sa krimen habang patuloy pang inaalang kung may kinalaman sa politika at nakaraang eleksiyong barangay ang pagpatay kay Kapitan Marcha. / **TOM HALIM**

Medical Mission in Naic

IN A HEARWARMING show of community support and caring, a medical mission took place at Barangay Timalan Balsahan in Naic, Cavite last November 15, 2023.

The dedicated medical mission team headed by the Office of the Provincial

Governor and Office of the Provincial Health Officer with the assistance of local officials, provided consultations and free medicines to 253 patients, both children and adults.

Present at the event was BM Ranier Ambion, demonstrating solidarity and

support for the community's well-being. Vice Governor Athena Bryana Tolentino also contributed by sponsoring a free lugaw for all participants.

A testament to the power of local cooperation, this mission showcased the unity and care that define Naic's community spirit. / **OPIO**



Bossing, asan ang resibo?

Lady Jacinta handa na!



Here n There

ni ELI TAPARAN II

KUKULIT nyo, para kayong batang uhugin, mga pasaway na kongresista.

Sinabi na ni President Jr. Marcos, di siya payag na makialam ang International Criminal Court (ICC) na imbestigahan ang kuno'y extra judicial killings (EJKs) sa madugong giyera kontra droga ni Lolo Rody Duterte.

Pati si Justice Sec. Kuya Boying Remulla, at si SolGen Menardo Guevarra, kontra rin sa resolution nyo na hikayatin si PBBM na payagan na ang pakialamerong ICC investigator na usigin si dating Pres. Digong Duterte.

Pwede po ba, Honorable Reps Lagmay, Castro, at mga kaliwete sa House, unahin nyong ipakita ang resibo ng inyong MOOE, extraordinary funds at iba pang pera namin.

Lagman, pwede po

ba, ang kulitin nyo, ang kastiguhin ng tropa mo e itong Meralco na i-refund ang P200-Bilyon sa aming 7.7 milyong subscriber.

Panay ang overcharging ng Meralco, na dapat ito ang kinakastigo nyo, at mas asikasuhin nyo ang matatakaw na negosyante na kahit na may utos pa si PBBM mapapamura ka talaga sa taas ng presyo ng basic commodities.

Kay PBBM, Your Excellency, mas unahin po sana nyo ang pagpapabuti ng ating ekonomya, kahit gawin lang na 30 ang one kilo ng bigas, okey na kami at pamurahin ang food natin, ayos na iyon, mapapasaya na nyo kami ngayong holidays.

High na nga ang blood pressure namin, high pa rin talaga ang food natin, ano na DTI Sec. Alfredo Pascual, nagkakagutom na po.

Tama si Cagayan de Oro Rep. Rufus Rodriguez sa nais niya na ipaliwanag, idetalye sa bayan ang mga isyu at mga kaso na sabi ni newly appointed Maharlika Investment Corp. (MIC) president and CEO Rafael Consing Jr. ay nadismis na raw.

Kasi, pag di naipaliwanag ni Consing ang mga negative issues against him, ang pagtitiwala ng bayan, lalo na ang mga investors ay mawawala.



Justice Secretary Boying Remulla

Gusto ni Davao City Rep. Paolo Duterte na ang mga bilanguan natin, tulad ng New Bilibid Prisons (NBP) ay lagyan ng mga lupang sakahan at mga lupang pwedeng makapagparami ng manok, baboy, isda at iba pang pagkain.

Para hindi malulong sa bisyo ang mga preso at matuto sila na maging productive at makatulong sa kulang nating food supply,

Lalakas na katawan ng mga bilango, kikita pa para sa kanilang pamilya, tama ang nais ni Rep. Duterte, lagyan ng voluntary farm livelihood program ang mga penal colony natin.

Sabi ng isang reader natin, ang mga local Cavite elected officials ba natin ay may resibo sa natanggap nilang pera ng taxpayers?

Bossing namin, your honors, asan po ang resibo?

Magmensahe sa taparaneliseo@gmail.com

SINUWERTE ba itong pakialamerong United Nations Special Rapporteur Ian Fry, huh?

Aba, tama po ang ating Justice Sec. Boying Remulla na sabihan itong si Fry na 'wag turuan ang gobyernong Marcos kung paano nito patatakbuhan ang hustisya sa bansa, ano siya, mas magaling pa sa atin.

Gumagana nang maayos ang justice system sa Pilipinas kaya walang ibang dapat na makialam sa atin bilang isang democratic country.

Gusto ko ang sinabi ni Sec. Remulla na dapat suportahan ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), na ilang mambabatas natin e gustong buwagin na at alisan ng badyet.

Dapat ngang papurihan ang NTF-ELCAC na pursigidong matapos na ang insurgency problem sa ating bansa at tama si Sec. Boying, isa sa nakahahadlang sa ating pag-unlad ay ang dimatigil na destabilization ng mga komunistang NPA.

Lakas naman ng apog ng UN Special Rapporteur na na i-abolish na ang NTF-ELCAC, e ang sabi nga ni Sec. Remulla, ito nga ang ehensiya na epektibo sa pagpigil sa



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

pagkalat ng komunismo na siyang ugat ng karahasan at kaguluhan sa ating bansa.

Isang "effective" mechanism ang NTF-ELCAC, at tama po, sinusuportahan namin dito sa BantayBalita ang ating kababayang justice secretary na noong wala sa gobyerno ay isang mahusay na criminal at human rights lawyer.

Ang pagmamahal sa Cavitenyo ni Sec. Boying sa kanyang anak, si Ma'am Jacinta Remulla na alam nyo ba, pag panahon ng kalamidad, laging busy sa pagtulong sa aming mamamayan ng Naic.

Nasa dugo niya ang public service, sabi nga ng ating mga bossing ss BantayBalita, manangmana sa daddy at lolo Gov. Johnny Remulla ang dalaga, at siyempre sa uncle niya, Cavite Gov. Jonvic Remulla.

Sabi nga ni Jacinta nang makausap namin sa miting ng Solo Parents Association ng Naic, binabalikan niya ang ugat ng kanyang angkan, kasi ang kanyang lola, si Ma'am Ditas ay anak ng Naic.

Mula po sa angkan



Ms. Jacinta Remulla --anak ng Naic

ng Catibayan si Lola Ditas ng Barangay Halang, at ito rin ang naririnig ko noon kay Sec. Boying pag siya ay nasa Naic.

Dugong Naicqueno ang magkakapatid na Remulla.

Teka, maibalita nga kay Ms. Jacinta, ang angkan Catibayan ay may nakatakdang reunion sa Dec. 28-29, sabi ni pinsang Ate Ester Taparan Catibayan.

Sabi ko kay Ate Ester, padalhan niya ng invitation si Ms. Jacinta nang makilala niya ang kanyang kaangkan sa Brgy. Halang at sa mga Catibayan sa iba pang barangay sa Naic.

Para sa inyong mensahe, sarfia926@gmail.com

Happy reading at laging tangkilikin ang BantayBalita, one of the fastest growing newspaper in Cavite, at kung nais nyong magpa-advertise, magpadala ng press releases, o magbigay ng comment, email lang kayo sa domzcaoile@yahoo.com at sa taparaneliseo@gmail.com.

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder

DOMZ B. CAOILE
Publisher

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant

ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director

GENE TAPARAN TAN
Chief of Reporters

JANETH W. BILBAO
Circulation Manager

member
Papi

PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2, Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com
/ lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

Pekeng Pinoy... mula sa p.1

pasaporte at iba pang dokumentong nagpapatunay na sila ay lehitimong Filipino.

Dahil dito, nanawagan ang mga senador sa National Intelligence Coordinating Agency (NICA), National Bureau of Investigation (NBI) at NSC na imbestigahan ang katiwalian ng ito.

Tungkulin ng PSA na

tumulong na matigil ang pagdami ng pekeng Pinoy na nagagawang makakuha ng mga legal na dokumento mula sa Bureau of Internal Revenue (BIR), Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth) at posibleng maging kawani pa ng gobyerno. /ADELA R. ZAMORA

Bagong pasilidad ng Bauertek Corp., sinimulan nang itayo sa CLSU



SOUVENIR shot ng mga opisyal ng Bauertek Corporation at ng pamunuan ng CLSU matapos ang pirmahan ng MOA sa pagtatayo ng bagong at modernong pasilidad ng kompanya.

TINAWAG ni Mr. Rigel Gomez, presidente ng Bauertek Corporation, na "isang pangyayaring maitatala sa kasaysayan" ang itatayong bagong gusali ng kompanya sa loteng kadugtong ng Central Luzon State University (CLSU) sa Munoz, Nueva Ecija noong Lunes, Nobyembre 13.

Makakayang magkapagprodus ng medical cannabis at maraming gamot mula sa halamang gamot kapag naitayo na ang bagong pasilidad ng kompanya, lalo na kapag naging legal na gamiting medisina sa maraming uri ng sakit ang marijuana, ayon kay Gomez.

Sinabi na naman ni Dr. Richard Nixon Gomez, kilalang siyentipiko at imbentor na kikitang milyong-milyong pisong buwis ang lokal at pambansang pamahalan kapag tuluyan nang tumatalko ang produksiyon ng Bauertek.

Aniya: "On this ground will rise millions of revenues for the local government and millions of taxes for the national government."

Gugulan ng P2.75 bilyon ang gusali, ikalawa unang kompanyang itinayo ni Dr. Gomez sa Guiguinto, Bulacan noong Disyembre 2019 at nagsimulang magprodus ng mga bago at epektibong gamot na aprobado ng Food and Drug Administration (FDA)

GINANAP sa seremonya na simula sa pagbubungkal ng lupang pagtatayuan ng pasilidad ang pirmahhan ng isang memorandum of agreement (MOA) sa pangunguna ni Dr. Edgar A. Orden, CLSU president, kasama sina Dr. Ariel G. Mactal, VP for Business Affairs at sina Mr. Rigel Gomez, Bauertek presisewnt at Dr. Richard Nixon C. Gomez, Bauertek general manager.

MAY sampung taon nang isinusulong Bauertek na maisabatas ang legal na paglikha ng mga gamot mula sa langis ng marijuana.

Ang kasunduan ay patungkol sa pagpapalakas at pagpapaulnad ng pagsasaliksik sa paglikha sa paglikha ng mga

medisina muna sa halamang gamot, at doon, mabibigyang pagkakataon ang mga propesor at estudyante ng na magkaroon ng personal na karanasan sa larangan ng farmasyotika.

Ikinatuwa at ipinagpasalamat ni Munoz City Mayor Armi Alvarez, na isang nars, ang pagkalagda ng MOA dahil malaki ang maitutulong nito sa paglikha ng trabaho at ibabubuhay ng mga residente, lalo na ang mga magsasaka, siyentipiko at mananaliksik.

Nabatid mula sa ama ni Mr. Rigel na kung gumagana na ang produksiyon sa bagong pasilidad, maaaring kumita ng P4 bilyon ang gobyerno mula sa buwis.

Ayon kay Dr. Gomez, maituturing na isang "state of the art facility" at nag-isa at natatanging sa buong Southeast Asia ang itatayong pasilidad ng Bauertek at ito ay inaasang matatapos sa 2026.

Nangyaring maumpisahang

maitayo ang pasilidad sa tulong Department of Science and Technology (DOST) Business Innovation through Science and Technology (BIST), sabi pa ni Dr. Gomez.

Patungkol sa hangaring maging legal ang medical cannabis, sinabi ni Dr. Gomez na mayroong 10 panukalang batas na pinag-aaralang mabuti ng technical working group ng Kamara de Representante at ng Senado, bago maipasa at pagtibayin sa plenary ng dalawang sangay ng Kongreso.

"I know it will be legalized and it is just a matter of time," sabi ni Dr. Gomez.

Sumaksi rin sa aktibidad sina DOST Central Luzon regional director, Dr. Julius Caesar Sicat, Filipino Inventors Society (FIS), Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI) national president, Nelson Santos; John Thomas, at iba pa. /DOMZ B. CAOLIE

Parent Summit: Nurturing Connections for Lifelong Learning

THE Office of the Provincial Population Officer in cooperation with the Provincial Government of Cavite Employees and Community Multipurpose Cooperative (PGCECMPC), orchestrated a meaningful parent summit on November 10, 2023 at the Ceremonial Hall of the Provincial Capitol in Trece Martires City, where parent-leaders from municipalities of Naic, Indang, Rosario and Cities of General Trias and Trece Martires gained profound learnings, meaningful exchanges and connections.

Ms. Lorena R. Cron, Chairperson, PGCECMPC, welcomed the participants, setting a positive tone for the event.

The activity resonated with inspirational messages from Ms. Rose Adlawan, Project Manager of Family

Planning Organization of the Philippines (FPOP), Ms. Angelina C. Bergonio, General Manager of PGCECMPC, Ms. Karen De Jesus, Grievance Officer, and Mr. Ariel G. Jarin, Provincial

Population Officer I, each emphasizing the significance of open communication in fostering strong parent-child relationships. Parenting, as underscored during the

speech of Ms. Anna Viela V. Amparo, Provincial Population Officer I, was portrayed as a lifelong journey and commitment. The summit also featured a livelihood training

session with Ms. Venus Romerosa. Attendees learned the techniques in preparing longganisa, hamonado, tocino, skinless, and lumpiang shanghai, enhancing the culinary skills and potentially opening economic avenues.

Adding a touch of excitement, a raffle draw was included during the event, creating a sense of community and shared celebration for the participants.

Open communication is the cornerstone of effective parenting, making it a lifelong pursuit and responsibility. The event not only educated but also empowered parents, reinforcing the idea that nurturing connections with their children is a continuous, evolving process. --- OPIO



Congratz sa mga bagong opisyal ng Cavite Press Corps!

KUDOS! Matapos ang isang miting ng Cavite Press Corps sa Gen. Mayo Hall sa Camp Gen. Pantaleon Garcis, Imus City, idinaos ang eleksiyon ng samahan noong Linggo, Nob. 19.

Nahalal na presidente si Rossel Calderon ng GMA Integrated News Network, at chairman si Ruel Francisco, Philippine Information Agency (PIA) Cavite chief.

Sa larawan, mula sa kaliwa si Mr. Francisco, Board Member (BM) Domz Caoile (BantayBalita publisher columnist) Treasurer Irene Gascon (Police Files); BM Tess Leonillo (Cavite Times Journal); Secretary Margie Bautista (Remate); Mr. Calderon; BM Tina Timbang (Pilipino Star Ngayon); Vice Oresident Gene Adsurs (Abante); BM Roger Limpin (Southern Tagalog Journal); BM Benedict Samson (UNTV); at Sid Samaniego (Pilipino Mirror).

Nahalal din board member si Jhanice Baricuarto (Bulgar) na wala sa larawan. Nabatid ng pahayagang ito na mga unang tagapagtatag ng CPC, tatlong taon na ang nakararaan ay sina Calderon, Adsura, Irene, Margie, at ang kapwa yumaon nang Manila Times correspondent Boy Josue at veteran journalist Sonny Anarna.

Ayon kay Calderon, ngayon lang nagdaos ng eleksyon ang asosasyon at nanunungkulan siya bilang interim president sa loob ng tatlong taon.

"Appointed lamang kaming mga opisyal at ngayon lang kami nagkaroon ng election of officers, at ako ay nagpapasalamat sa pagtitiwala sa akin ng mga katropa," sabi ni Calderon,

Aniya pa, kung papalarin, magkakaroon ng sariling opisina, mga kagamitan ang CPC. Nabatid pa na may mga media correspondent na nagpasabi kay Calderon ng pagnanais na maging kasapi ng CPC, at ito ay ikinatuwa niya dahil patunay ito ng pagtitiwala sa kanilang samahan.

"May binuo na kaming committee on membership na gagawa ng guidelines sa pagtanggap ng mga bagong miyembro," sabi ni Calderon.

Iba pang kasapi ng CPC sina: Christian Macaraig (UNTV); Bernard Jaudian Jr. (Radyo Pilipinas); Joven Cagande (Philippine Star); Dennis Abrina (Rappler, People's Journal, Manila Times); Frank Estrada (People's Bulletin), Mario Basco (Pilipino Mirror); Jen Handuga, (DWDD-AFO Radio); at Joven Cagande (Philippine Star). / JANETH W. BILBAO

NorthMin health researchers secure four wins at the 16th PNHRs Week Celebration

HEALTH member-researchers of the Northern Mindanao Consortium for Health Research and Development (NorMinCoHRD) secure four wins at the 16th Philippine Health Research System (PNHRs), a platform for researchers, experts, and enthusiasts to showcase their groundbreaking contributions and innovative approaches to health research.

Mr. Emerson Paul D. Somontan and Mr. Prince Eroll V. Reyes, Level 4 Radiologic Technology students of Iligan Medical Center College (IMCC) was awarded first place for both Oral Research Paper Presentation and Research Poster Contest (Student Category) with their innovative

research on the Development of X-ray shielding material using egg shells and crab shells.

Ms. Jibe Labenz L. Nebato of MSU-IIT secured first place in the Research Poster Contest (Professional Study) with her research entry title PLANTastic Treasures: The Antioxidant, Anti-Inflammatory, and Anticancer Potential of Subanen and Mamanwa Traditional Medicinal Plants"

The region's vibrant cultural heritage took center stage as first-placer in the cultural attire fashion show. Dr. Lesley C. Lubos of Bukidnon State University (BukSU) stood out in the vibrant and intricate attire of the Manobo tribe, captivating the audience and



judges alike with his impeccable representation of cultural heritage.

